**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYANG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-6 NG OKTUBRE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO;

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 203-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 72-T'97/KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 2-T'97 NG SANG. BARANGAY POBLACION IV NA ISINASAAYOS AT INILILIPAT ANG HALAGANG ANIM NA LIBO, PITONG DAAN AT LIMANG PISO (P6,705.00) MULA SA LAANG GUGULIN SA PAGPAPAKUMPUNI NG MGA KAGAMITAN SA HALAGANG DALAWAMNG LIBONG PISO (P2,000.00) MENTINANSYA SA KALINISAN NG BARANGAY SA HALAGANG TATLONG LIBONG PISO (P3,000.000 AT PALAKASAN SA HALAGANG ISANG LIBO, PITONG DAAN AT LIMANG PISO (P1,705.00) UPANG MAGAMIT SA PAGBILI NG MGA KAGAMITAN O MATERYALES NG NABANGGIT NA BARANGAY.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 72-T'97/Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 2 ng Sang. Barangay ng Poblacion IV na naglalayong mailipat ang halagang P6,705.00 mula sa laang gugulin para sa pagpapakumpuni ng mga kagamitan, mentinansya sa kalinisan ng barangay at palakasan upang magamit sa pagbili ng mga kagamitan o materyales ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ayon sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet, ang naturang pagsasaayos ng pondo ng nabanggit na barangay ay hindi sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kap. Blg. 72-T'97/Kautusan sa Laang gugulin Blg. 2-t'97 ng Sang. Barangay Poblacion IV na isinasaayos at inililipat ang halagang P6,705.00 mula sa laang gugulin sa pagpapakumpuni ng mga kagamitan sa halagang P2,000.00, mentinansya sa kalinisan ng Barangay sa halagang P3,000.00 at palakasan sa halagang P1,705.00 upang magamit sa pagbili ng mga kagamitan o materyales ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. SANDICHO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

**NARCISO O. INFANTE**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan